

# *Unang mga Hakbang sa* PAGINGING KRISTIYANO

*Interactive Pag-aaral ng Biblia*

## PAMBANSANG KAMPANYA SA PAGBABASA NG BIBLIYA

Tagalog 10-14

# MGA NILALAMAN


**Mga Aralin Bago Pabautismo**

| | | |
|---|---|---|
| **Unang Hakbang** | **Pagsisimula Bilang Alagad ni Jesu-Cristo**<br>*Paano Maliligtas* | **1** |
| **Ikalawang Hakbang** | **Magtiwala sa Pangako**<br>*Ang Kasiguruhan ng Kaligtasan* | **6** |
| **Ikatlong Hakbang** | **Ipahayag ang Iyong Pananampalataya**<br>*Sariling Patotoo at Bautismo* | **10** |
| **Ika-apat na Hakbang** | **Maging Kaanib ng Pamilya ng Diyos**<br>*Sumapi sa Iglesiya* | **14** |

**Mga Aralin Pagkatapos Pabautismo**

| | | |
|---|---|---|
| **Ikalimang Hakbang** | **Sumunod sa Iyong Panginoon**<br>*Pagsunod at Kapatawaran ng Kasalanan* | **18** |
| **Ika-anim na Hakbang** | **Palaguin ang Pakikipagkaibigan sa Diyos**<br>*Mataimtim na Pagbabasa ng Bibliya AtPanalangin* | **22** |
| **Ikapitong Hakbang** | **Gamitin ang Kaloob ng Espiritu**<br>*Kaloob at Sariling Ministeryo* | **26** |
| **Ikawalong Hakbang** | **Maging Maunlad na Tagapangasiwa**<br>*Mapagkakatiwalaan sa Pananalapi* | **30** |


**Pambansang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya**


**Church Starts International**
P.O. Box 177
Henrietta, TX 76365
(940) 538-5665
billdavis@churchstarts.com
www.churchstarts.com



All scripture quoted in this booklet is from:
"The GOOD NEWS Bible"
© 1976 by the American Bible Society. Used with permission.
© 2003 Ted Lindwall


# Ngayon Ako'y Alagad na ni Jesu-Cristo

## Magsimula Dito . . . . .



Inutusan ni Jesus ang kanyang iglesiya: ***"Humayo kayo at gawin ninyong alagad ko.... bautismuhan ninyo sila, turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko"* Mateo 28:19-20.** Ang iglesiya ay makapagtuturo lamang sa mga ibig maging alagad at magpahubog. Kailangan mong magpasya sa sarili kung nais mong tunay na sumunod kay Jesu-Cristo at maging aktibong alagad o kaya naman ay huwag mag-ingat at bumalik sa dating mong gawain. Ang pasya mo ngayon ay maaaring makapagsabi kung anong buhay ang gusto mong tahakin, may kagalakan at tagumpay sa Diyos o sa kabiguan na humihila sa iyo palubog dahil sa iyong pangit na makasariling buhay. Ang pulyetong ito'y magbibigay ng pagkakataon upang ikaw ay makapagsimula na maging tagasunod ni Jesu-Cristo, tapat at galak na alagad.

Bawat bagong kristiyano ay kailangang maging alagad agad. Nakalulungkot, na maraming lumang kristiyano ang hindi nakaranas maging alagad. Ang karanasan sa pag-aaral na kasama ng iba sa mga sumusunod na pahina ay tiyak at pasimula ng karanasan sa pagiging-alagad na makatutulong sa maraming paraan. Subalit, kinakailangan mong magpatuloy na mag-aral at maglingkod bilang alagad ni Jesu-Cristo habang buhay.

Ang iba pang babasahin sa pagiging alagad ay handa upang magamit mo bilang kasapi ng "Full Circle Discipleship": pansarili o pampamilyang pag-aaral sa pamamagitan ng Pambansang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya, linggohang pag-aaral ng grupo ng mga magkakaibigan, paglago ng sarili bilang kasapi ng "The ROCK", at paglahok sa samahan ng iglesiya sa pag-aaral ng Bibliya. Ang pag-aaral ng bibliya tuwing linggo ay isang halimbawa ng pagiging alagad. Dagdag pa dito, mahalaga na malaman mo na iilan lamang ang lumalago ang buhay kristiyano na nakahiwalay at hindi tumutulong sa iglesya o sa buhay ng pagmimisyon ng iglesiya.

Magpasya ngayon kung nais mong maging masiglang alagad ni Jesu-Cristo. Kung matapos mo ang lahat ng araling ito, ikaw ay patungo na sa pagiging matagumpay na alagad sa kaalaman at paglilingkod kay Jesu-Crito na iyong Panginoon.

**Payo sa mga Matatalinong Mag-aaral:** Sa pahinang ito at sa mga susunod, tutukuyin natin ang mahahalagang talata ng Bibliya. Samakatuwid, babasahin natin ang ibat-ibang aklat ng Bibliya at ang mga kabanata at talata. Dahil kinakailangan natin ito sa ganitong klase ng pag-aaral, bahagyang mapanganib sapagkat may pagkakataon na maipaliwanag sa ibang kahulugan ang mga talata. Sa dahilang ito, hinihimuk namin ang bawat mag-aaral na basahin ang una at huling mga talatang pinag-aralan pagkatapos ng klase. Sa ganitong paraan hindi lamang maiiwasan ang panganib na magkaroon ng ibang kahulugan ang talata, mahahasa rin ang mag-aaral sa pag-unawa ng mga talata. Dagdag pa dito, ito rin ay isang paran upang mapag-aralang maigi ang bawat araling tinanggap at maging maalam sa Bibliya.

## Pagsisimula bilang Alagad ni Jesu-Cristo

Maaaring lamang maging alagad ni Jesu-Cristo kung siya ay nakasama at nakilala mong lubusan. Hindi sapat na isa kang "mabuting" tao o kaya ay tapat na miyembro ng iglesiya. Maraming "mabait" na tao at mga miyembro ng iglesiya ang hindi nakakakilala ng lubusan sa Diyos o kaya'y naligtas ni Jesu-Cristo. Simulan natin, samakatuwid, sa pamamagitan ng maingat na pag-aaral kung ano ang sinasaad ng Bibliya na kailangan upang maging anak ng Diyos, niligtas ni Jesu-Cristo sa lahat ng kasalanan.

## Paano Maliligtas at Matitiyak na Ligtas?

**Ang Ginawa ng Diyos Upang Iligtas tayo:** Maraming tao ang nagsusumikap para tanggapin ng Diyos. Pumupunta sila ng simbahan araw-araw; nagbibigay sa simbahan at sa mahihirap; sumusunod sa ibinigay na batas, at iba pang mga bagay. Ang iba'y iniisip na sa pagtaas ng kamay bilang pagsamba o kaya nama'y sa pagpapabautismo sila maliligtas. Ang ibang mga tao, iniisip na sa mabubuting gawa sila tatangapin ng Diyos. Subalit, maliwanag na sinasabi sa Bibliya na hindi natin kayang iligtas ang sarili; ang Diyos lamang ang magliligtas sa atin. Malinaw na sinasabi ng Bibliya kung ano ang ginawa ng Diyos upang tayo ay maligtas at kung paano natin matatanggap ang pagpapala ng kaligtasan.

**Efeso 2:8-9** ***Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.***

1. Sinasaad sa talata na naligtas tayo sa mga sumusunod na paraan:

☐ Sa kagandahang-loob ng Diyos.
☐ Kaloob ng Diyos.
☐ Pananalig sa kaloob ng Diyos.
☐ Mabuhay ng tama.
☐ Sa pagpapabautismo.
☐ Maging kasapi ng tamang simbahan.

2. Bakit hindi tayo maliligtas sa mabuting gawa?

☐ Dahil kailangan nating magbigay sa Diyos ng pera.
☐ Upang hindi tayo magmalaki na pinaghirapan natin ang ating kaligtasan.



3. Ano ang nag-iisang ikaliligtas natin?

☐ Tayo'y maliligtas sa pananampalataya lamang.
☐ Tayo'y hindi dapat magkasala.
☐ Tayo'y dapat kaanib ng tamang simbahan.



Ang talatang ito ay nag-iiwan ng maraming tanong tulad ng: Bakit nga ba kailangang maligtas? Bakit hindi tayo maliligtas sa mabuting gawa? Bakit ang kaligtasan ay walang bayad na ipinagkakaloob ng Diyos sa mga naniniwala?

**Bakit Kailangang Nating Maligtas:** Maraming tao ang naniniwalang hindi nila kailangang maligtas sapagkat alam nilang sila'y "mabait" na tao, tunay na magaling kaysa sa iba. Ito ay isang halimbawa ng pagmamataas at nagpapakita ng kamangmangan sa tunay na kabanalan ng Diyos. Maliwanag na sinasabi ng Bibliya: lahat tayo ay makasalanan sa banal na mata ng Diyos.

**Roma 3:23** ***...lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos.***

4. Ayon sa talatang ito:

☐ Lahat ay nagkasala.
☐ Wala ang kabanalang hinahanap ng Diyos sa sinuman.
☐ Kaunti lang ang naligtas sapagkat mas magaling sila sa iba.

**Roma 6:23** ***...kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hangang sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.***

5. Dito, itinuturo ng Bibliya ang:

☐ Kamatayan ang nararapat sa atin (habang-buhay na pagkahiwalay sa Diyos) bilang sapat na kabayaran ng ating kasalanan.
☐ Ngayon, kailangan nating mabuhay ng walang kasalanan para patawarin.
☐ Hindi dahil sa ating mga ginawa. Sa halip, binibigay ng Diyos ang buhay na walang hangang ng walang bayad.
☐ Ang buhay na walang hanggan ay ipinagkakaloob lamang ni Jesu-Cristo.

Itinuturo ng Bibliya na tinatanggap lamang ng Diyos sa kanyang kaharian ang mga banal, at ang mga banal lamang ang mabubuhay ng walang hangang kasama niya. Subalit kung lahat tayo ay makasalanan, saan natin maaaring makamit ang ganitong kabanalan, ang kabanalang magliligtas sa atin sa kasalanan?

**Roma 3:21-22** ***"...nahahayag na ang pagpapawalang-sala ng Diyos sa mga tao. Ito'y hindi sa pamamagitan ng batas, bagamat ito'y pinatotohanan ng Kautusan at ng mga propeta. Pinawawalang sala ng Diyos ang lahat ng nananalig kay Jesu-Cristo sa pamamagitan ng kanilang pananalig sa kanya."***

Dahil lahat ng tao ay makasalanan, kinakailangan magbigay ang Diyos ng kabanalang hindi nakaasa sa ating pagsunod sa batas o sa pagsunod sa alituntunin ng relihiyon.

6. Ipinaliwanag ni Pablo na ang kabanalan ito'y makakamit sa mga sumusunod na paraaan:
- ☐ Ito ang kabanalang bigay mismo ng Diyos.
- ☐ Ibibigay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.
- ☐ Makakamit lamang ng mga walang kasalanan.
- ☐ Makakamit ng mga nananalig kay Cristo bilang tagapagligtas.

**Roma 3:22-25** ***"...a Maging Judio at maging Hentil . Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos. Gayunman, dahil sa kanyang kagandahang-loob ay pinawalalng sala sila sa pamamagitan ni Cristo Jesus, na nagpalaya sa kanila. Siya ang itinakda ng Diyos na maging handog upang sa pagbububo ng kanyang dugo ay maipatawad ang kasalanan ng tao sa pamamagitan ng pananalig sa kanya."***

7. Ayon sa Bibliya, gaano karaming tao ang nagkasala sa Diyos at ilan ang hindi pumasa sa inaasahan ng Diyos na karapatan niya? ________________________

8. Nabibilang tayo sa mga banal sa harapan ng Diyos:
- ☐ Ipinagkaloob dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, hindi dahil sa ating mga gawa.
- ☐ Kabayaran ng sariling paghihirap at pagkilos ng walang kasalanan.
- ☐ Nakamit lamang dahil sa pag-aalay para sa kasalanan ng ating Panginoong Jesu Cristo.
- ☐ Kailangan ang ating pananampalataya sa kapangyarihan magpatawad ng dugo ni Cristo.

**<u>Ano ang Dapat nating Gawin para Iligtas ng Diyos?</u>** Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa atin sa kasalanan, ngunit ano ang dapat nating gawin para sa kanya upang maligtas? Ang mga talatang pinag-aralan ay nagpapakita ng isang bagay na dapat gawin, manampalataya kay Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas; maniwala lamang sa kapangyarihan ng kanyang dugo na inalay upang maligtas tayo. Nangangahulugan lamang na hindi dapat nagtitiwala sa iba upang maligtas sapagkat ang naniniwala sa mabuting gawa o sa mga gawaing relihiyoso ay ang hindi pagtiwala sa kapangyarihan ni Cristo na magligtas.

Gayun pa man, ang bihirang itanong ay: Anong uri ng pananampalataya ang kailangan ko upang iligtas ni Jesus? Sinasaad sa Bibliya, ***"Sumasampalataya ka sa iisang Diyos, hindi ba? Mabuti iyan! Ang mga demonyo man ay sumasampalatay rin at nangangatal pa"*** **Santiago 2:19.** Maraming mga tao ang mataimtim na nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, ngunit hindi nakikita sa kanilang mga gawa na kabilang sila sa Diyos o na naligtas sila.





Ang mga Apostol, sa kanilang pagtuturo, ay ipinaliwanag maigi kung anong pananampalataya sa Diyos ang kailangan upang maligtas. Itinuro ni Pedro, ***"Ngunit sa ginawa ninyo'y natupad ang malaon nang ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng propeta na ang Cristo'y kailangang magbata. Kaya't magsisi kayo at magbalik loob sa Diyos upang pawiin niya ang inyong mga kasalanan."*** **Gawa 3:18-19**

9. Sinabi ni Pedro sa mga salitang ito na:
- ☐ Ang kamatayan ni Cristo para sa ating mga kasalanan ay ayon sa hula ng mga propeta.
- ☐ Kinakailangan nating humingi ng tawad at umayon sa Diyos.
- ☐ Ang kinakailangan nating gawin ay maniwala na ang Diyos ay umiiral.


Ang mga demonyo man ay naniniwala at nanginginig, ngunit hindi sila humingi ng tawad at lumapit sa Diyos. Maraming mga tao ang sinasabing naniniwala ngunit hindi humingi ng tawad at lumapit sa Diyos. Malinaw marahil ito, marami pa rin ang nagtataka kung ano ang ihihingi ng tawad. Ang paghingi ng tawad ay pag-ikot ng 180° sa buhay na makasarili at pagsuway upang maglingkod at sunod kay Jesu-Cristo. Isang tanda ng paghingi ng tawad ay ang bautismo. Habang si Cristo lamang ang nagliligtas, at hindi ang bautismo, ang pagbautismo sa iyo bilang mananampalataya ay isang tanda ng iyong taos-pusong pagtanggap kay Cristo bilang iyong bagong Panginoon.

Sa mensahe ring ito, sinabi ni Pedro, ***"Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang kayo'y patawarin at ipagkakaloob sa inyo ang Espiritu Santo."*** **Gawa 2:38**

10. Sinabi ni Pedro sa mga nakikinig na:
- ☐ Humingi ng tawad sa kanilang lumang paraan ng pamumuhay.
- ☐ Ipakita ang kanilang paghingi ng tawad sa madla sa pamamagitan ng pagp pabautismo.
- ☐ Itaas lamang ang kanilang mga kamay bilang pagpapakita ng kanilang pagsa palataya kay Jesus.
- ☐ Ibibigay ng Diyos ang Espiritu Santo sa mga tapat na tatalikod sa kanilang mga kasalanan.

Sa mga susunod na pag-aaral matututunan natin ang tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbabago at magbibigay ng kapangyarihan upang mamuhay ng matiwasay. Para makapasok ang Banal na Espiritu sa atin at bigyan tayo ng kapangyarihang mamuhay ng kakaiba, kinakailangan nating humingi ng tawad at ibigay ang buhay sa Diyos, aminin na si Jesu-Cristo ang Panginoon ng ating buhay.

Paanong maiiba ang ating buhay kung si Jesus ang nangangasiwa? Ang Apostol Pablo ay nagsasabi ng mga bagay na dapat iwanan at mga bagay na dadalin natin ngayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na lumalapit sa lahat ng tunay na humihingi ng tawad:



**Mga Dapat Iwan:** ***Ngunit ngayon, itakwil ninyo ang lahat ng ito: galit, poot, at sama ng loob. Iwasan na ninyo ang panunungayaw at malaswang pananalita.*** **Colosas 3:8**

**Mga Dapat Isuot:** ***Kayo'y hinirang ng Diyos itinalaga para sa kanya at minamahal niya. Kaya't dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin*. Colosas 3:12**

**Sariling Pagsusuring Espirituwal**

*Markahan ng tapat ang lahat ng naaangkop:*

- ☐ Alam kong ako'y makasalanan at sa aking sariling kalakasan ay hindi karapat-dapat na tanggapin ni Cristo.
- ☐ Alam kong binigay ng Diyos ang kanyang Bugtong na Anak upang mamatay sa aking mga kasalanan.
- ☐ Alam kong ako'y maliligtas sa pamamagitan ng paghingi ng tawad at pagtitiwala kay Cristo.
- ☐ Ako'y humihingi ng tawad sa aking makasalanang buhay at binibigay ko ang aking buhay sa Diyos, tinatanggap ang kapatawaran ng Diyos at ang Banal na Espiritu, ipinagkakatiwala ang kaligtasan kay Cristo.
- ☐ Ako'y nagtitiwala sa Diyos na ako'y pinatawad na at binigyan ng buhay na walang hanggan.
- ☐ Hinihiling ko na ako'y mabautismuhan bilang simbolo ng aking pananampalataya kay Cristo at ang simula ng aking bagong buhay sa Diyos.

Ang mga susunod na pag-aaral sa aklat na ito ay makatutulong upang masigurong ikaw ay ligtas. Maraming pagpapaliwanag tungkol sa layunin at pagpapala ng bautismo. Hindi ka pipilitin na magpasya kung hindi mo nais. Tinatanggap lamang ng Diyos ang kusang-loob na lumalapit.



## Ikalawang Hakbang 2

### Magtiwala sa Panginoon



Tayo'y naligtas nang tayo'y humingi ng tawad sa ating makasalanang buhay at tunay na nagtiwala sa Panginoon. Ang pananampalatayang nagliligtas ay hindi lamang isang bagay na nakamit sa umpisa ng buhay kristiyano. Ito ay ang walang hanggang pananampalataya ng sinumang tunay na naligtas. Ang mundo, ang laman, at ang demonyo ay nagbabala na huwag magtiwala ng lubos sa Panginoon ng kaligtasan, bagkus sa mga bagay na hindi magtatagal, tulad ng iyong mabubuting gawa, gawaing pang-relihiyon o ang iyong walang maliw na katapatan. Hindi mo makakamit ang kalubusan maliban dumating ang araw ni Jesu-Cristo, sa araw na iyon ikaw ay babaguhin niya ayon sa kanyang anyo. Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo ikaw ay maliligtas at mananatiling ligtas.


Bakit ang Panginoon lamang ang Dapat Pagtiwalaan ng Lubos sa Kaligtasan? Ang Bibliya ay puno ng mga pangako na nagpapatunay na sa Diyos ka lamang dapat magtiwala sa kaligtasan. Ang sumusunod ay dalawa sa mga pangako: ***Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak, hindi magkakaroon ng buhay -- mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.*** **Juan 3:36**

1. Dito, sinasabi ng Bibliya na sino man, ibig sabihin ay kahit sino, na naniniwala kay Jesus:
- ☐ Balang araw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan kung sila'y tapat at mabuti.
- ☐ Mayroon nang buhay na walang hanggan.
- ☐ Makakatanggap ng buhay na walang hanggan kapag sila'y namatay.

2. Sino ang hindi makatatanggap ng buhay na walang hanggan dahil ang sumpa ng Diyos ay nasa kanila pa?_______________________________________________

***Sinasabi ko sa inyo: ang nakikinig sa aking salita at nananalig sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan kundi nilipat na sa buhay mula sa kamatayan.*** **Juan 5:24**

3. Ano ang sinasabi ni Jesus na katotohanan tungkol sa sino mang makikinig sa kanyang salita at mananalig sa pangako ng Diyos na kaligtasan?
- ☐ Balang araw siya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan kung siya'y matapat.
- ☐ Siya'y may maliit na pagkakatong mahatulan.
- ☐ Mayroon na siyang buhay na walang hanggan.
- ☐ Hindi na siya mahahatulan.
- ☐ Siya'y inilipat na sa buhay mula sa kamatayan.




Marami ang tumatangkilik na ang Diyos lamang ang may karapatan upang akuin tayo at gawing sariling anak. Subalit paano natin makakamit ang karapatan?

***Naparito siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng kanyang mga kababayan. Ngunit ang lahat ng tumatanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.* Juan 1:11-12**

Sa katuparan ng kanyang pangako, pinadala ng Diyos ang Tagapagligtas sa kanyang pinili, ang Israel.

4.Sa karaniwang salita, ano ang ginawa ng mga Judio patungkol kay Jesus?

______________________________________________



5. Kanino binigay ng Diyos, bilang kaloob na walang bayad, ang karapatang maging anak niya?
- ☐ Sa mga hindi gaanong nagkakasala.
- ☐ Sa mga karapat-dapat na maging anak ng Diyos.
- ☐ Sa mga nabautismuhan.
- ☐ Sa mga naniniwala sa pangalan at karapatan ni Jesu-Cristo.
- ☐ Sa mga tumanggap kay Jesus sa kanilang puso at buhay.
- ☐ Silang mga Judio.

6. Mayroon ka na ba ngayong buhay na walang hanggan? Bakit o bakit wala?

______________________________________________

______________________________________________

Ano ang Mangyayari sa'yo kung Magtitiwala ka sa Panginoon? Ang Diyos ay gagawa ng kahanga-hangang mga bagay sa'yo kung ikaw ay lubos na magtitiwala sa kanyang anak upang iligtas ka. Alamin sa sarili kung ano ang mga bagay na ito: ***Kayo ma'y naging bayan ng Diyos nang kayo'y manalig sa kanya matapos ninyong marinig ang salita ng katotohanan ang Mabuting Balita na nagdudulot ng kaligtasan. Kaya't pinagkaloob sa inyo ang Espiritu Santong ipinangako ng Diyos bilang tatak ng pagkahirang sa inyo...* Efeso 1:13-14**

7. Ang salitang ito ng Diyos ay nagsasabi ng tatlong bagay na mangyayari sa mga naligtas. Ito ang mga sumusunod:
- ☐ Narinig nila ang salita ng katotohanan, ang magandang balita kung paano maliligtas.
- ☐ Naniwala sila sa magandang balita, nagtitiwala kay Cristo.
- ☐ Nagsimila silang magkaroon ng pangitain at nagsalita ng ibang wika.
- ☐ Sila ay tinatakan ng Diyos bilang kanya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

8. Ano ang katibayan na makakamtan natin ang mana na pangako niya?

______________________________________________

***Sapagkat napagtatagumpayan ng bawat anak ng Diyos ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalatayang si Jesus ang Anak ng Diyos.* 1 Juan 5:4-5**



9. Anong kapangyarihan ang matatagumpay sa mundo at ang pagsisikap nitong malayo tayo sa Diyos?
- ☐ Ang ating pagpupursige na hindi mabigo ang Diyos.
- ☐ Ang pananampalataya natin sa kapangyarihan ng Diyos upang iligtas tayo.

10. Sino ang magtatagumpay sa kapangyarihan ng mundo? Siya lamang na:
- ☐ Hindi nagkakasala.
- ☐ Tunay na namumuhay sa ipinangako niya sa Diyos.
- ☐ Nagtitiwala kay Jesus bilang makapangyarihang Anak ng Diyos.

11. Pananaw: Anong klaseng paniniwala ang kailangan upang ito'y maganap sa buhay nino man?
- ☐ Ang tao'y kailangan lamang na maniwala sa turo ni Jesus na Anak ng Diyos.
- ☐ Ang tao'y maniwala kay Jesus bilang Anak ng Diyos, sa kanya lamang magtiwala sa kaligtasan.

Ang bagong kristiyano, tulad ng mga luma, ay alam na sila'y mahihina sa maraming pagsubok na haharapin. Anong pag-asa ang mayroon sila upang mapaglabanan ang pagsubok kapag ito'y dumating? Ang Diyos ay nagbigay ng natatanging pangako: ***Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na di dinanas ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahihintulot na kayo'y subukin ng higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.* 1 Corinto 10:13**

12. Ayon dito, kayo ba'y humarap na sa pagsubok na wala pang ibang nakaranas?

☐ Oo ☐ Hindi

13. Paano kumikilos ang Diyos upang mapagtagumpayan mo ang pagsubok na dumarating sa'yo?
- ☐ Hindi hahayaan ng Diyos na ako'y subukin ng higit sa aking makakaya.
- ☐ Ang Diyos ang maglalayo sa akin sa tukso.
- ☐ Ang Diyos ang magbibigay ng daan upang makalaya ako sa pagsubok.

14. Pananaw: Bakit marami pa ring kristiyano ang natutukso kahit tumutulong na ang Diyos?
- ☐ Iniisip nila na mas mainam na sumuko sa pagsubok kaysa sumunod sa Diyos.
- ☐ Hindi nila napagtatanto ang bigat ng sakit at kapahamakang darating sa paggawa ng masama.
- ☐ Sinisisi nila ang pagsubok sa Diyos o sa sitwasyon kung saan sila ay nilagay niya.
- ☐ Sinisisi nila ang Diyos sapagkat sila ay "mahina" upang labanan ito.
- ☐ Sila ay nabigo na makalusot sa pagsubok at makatakas sa kapangyarihan nito.

Ang pagsunod sa Diyos ay hindi lamang pagtalikod sa tukso. Mas mahalaga na GAWIN ang lahat ng gusto niya at ang mga plano niya sa buhay mo. Ang susunod na mga hakbang sa pagiging kristiyano ay makakatulong upang maunawaan mo ang kagustuhan ng Diyos sa buhay mo at magawa ito ng matagumpay.

Ikatlong Hakbang 3

## Ipahayag ang Iyong Pananampalataya

Sinabi ni Jesus, ***"Ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin ko din naman sa harapan ng aking Amang nasa langit"* Mateo 10:32**. Nang italaga natin ang ating buhay kay Cristo, likas lamang na ito'y sabihin natin sa iba. na "ipinahahayag" natin ang ating kaugnayan kay Cristo. Ginagawa natin ito sa maraming paraan. Halimbawa sa pagpapakita ng pagbabago ng ating buhay na hatid ng Diyos. Hayagan nating ipinakikita na tayo'y kabilang kay Cristo; at ipinakikita natin ang pagtanggap kay Cristo sa pamamagitan ng pagpapabautismo.




Hindi nabangit sa Bibliya kaylanman ang tungkol sa mga "sekretong kristiyano" sapagkat imposible sa isang tunay na kristiyano na itago ang kanyang karanasan tungkol kay Jesu-Cristo. Isa sa makabagbag-damdaming kwento ng Bibliya ay ang tungkol sa taong sinasapian ng lupon ng masamang espiritu, ngunit pinalaya ng Panginoong Jesus sa lahat ng mga iyon. Nakiusap siya sa Diyos kung maaaring isama siya sa grupo ng mga alagad at sumunod kay Jesus saan man siya pumaroon. Ang sagot ng Bibliya dito ay: ***Ngunit hindi pumayag si Jesus. Sa halip ay sinabi niya, "Umuwi ka at sabihin mo sa iyong mga kasambahay ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong nahabag siya sa iyo." Umalis ang taong iyon at ipinamalita sa Decapolis (sampung lunsod) ang ginawa sa kanya ni Jesus. At nanggilalas ang lahat nng nakarinig niyon.* Marcos 5:19-20**

1. Ano ang sinasabi ng Bibliya sa karanasang ito?
- ☐ Inisip ni Jesus na ang pinaka-mahalagang bagay na magagawa ng taong iyon ay umuwi sa bahay niya at ipamalita sa kanyang pamilya ang tungkol sa kapangyarihan ni Jesus sa buhay niya.
- ☐ Natakot ang taong iyon na sabihin sa iba ang naganap sa buhay niya.
- ☐ Hindi lang sa pamilya niya sinabi, bagkus, pumunta pa siya sa kalapit na sampung lunsod na tinatawag na "Decapolis" ipinamalita ang ginawa ni Jesus sa buhay niya.
- ☐ Walang interes ang mga tao sa sinasabi niya.

***<u>Pagbabagong Ginawa ni Jesus.</u>*** Tiyak, halos lahat tayo'y hindi nakaranas ng pambihirang pagbabagong naganap sa buhay ng taong inaalihan ng masamang espiritu. Subalit, malinaw na sinasabi sa Bibliya: ***Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na.* 2 Corinto 5:17**



2. Pananaw: Bakit ang bawat kristiyano ay bago ng nilalang? Siya ay:
- ☐ Pinatawad sa lahat ng kanyang kasalanan.
- ☐ Binigyan ng karapatang maging anak ng Diyos.
- ☐ Biglang nagbago ang kanyang taas at timbang.
- ☐ Mayroon nang buhay na walang hanggan at kapayapaan sa Diyos.
- ☐ Sumasa-kanya ang Banal na Espiritu.
- ☐ May bago ng layunin sa buhay.
- ☐ May bagong tatahakin sa walang hanggan: langit sa halip na Impyerno.

3. Ang mga tao'y humahanga sa:
- ☐ Kung anong pagbabago ang makikita nila sa ating buhay.
- ☐ Anong pangangatwiran ang maibibigay natin upang sila'y magbago.

4. Anong pagbabago ang ginawa ni Jesus sa buhay mo na maibabahagi mo sa iba? _____
______________________________________________________________.

Kaninomomaibabahagiangmgabagaynaito? ______________________________.

Bawat bagong kristiyano ay binago ng Diyos. Sa kanilang pagsunod sa Panginoon, patuloy na magbabago ang kanilang buhay. Maging ang ugali at itsura nila ay magsisimulang magbago. Si Pedro at Juan ay hinuli at dinala sa harap ng mga pinuno ng mga Judio na nagparusa ng kamatayan kay Jesus. Ilang araw bago ito, pinagkanulo ni Pedro si Jesus, subalit makinig kayo kung paanong sinabi niya sa mga kaaway ang tungkol sa kapangyarihang magligtas ni Jesus: ***"Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao." Nagtaka ang mga bumubuo ng Sanedrin sa katapangang ipinakita nina Pedro at Juan, lalo na nang mabatid nilang mga karaniwang tao lamang ang mga ito at hindi nakapag-aral. Napagkilala nilang sila'y kasamahan ni Jesus noong nabubuhay pa.* Gawa 4:12-13**



5. Anong mensahe ang ibinigay ni Pedro tungkol kay Jesu-Cristo?

6. Ano ang napansin ng mga kaaway tungkol kina Pedro at Juan?
- ☐ Walang alinlangang sila'y nakatapos ng kolehiyo.
- ☐ May pambihira silang katapangan upang makapagsalita ng gayon.
- ☐ Nakasama nila si Jesus.

Ang Patotoo ng Kristiyanong Nabautismuhan. Ngayon, maraming iba't-ibang paraang naiisip tungkol sa pagbabautismo. Sa nakalipas na maraming siglo, binabautismohan ang mga sanggol sa pag-aakalang ito'y magliligtas sa kanila sa unang kasalanan. May 1,000 taon nang nakalipas, ang bautismo ay nagbago mula sa paglubog sa tubig hanggang sa pagwisik nito ng simbahan. Hindi natin layunin ang makipagtalo sa mga naniniwala at gumagawa nito, ngunit tungkulin natin na matutunan ang mga sinasaad ng Bibliya tungkol sa bautismo at kung ano ang gagawin natin dahil dito. Ang mahalaga sa lahat ay malaman natin na ang pagbautismo sa kristiyano ay isang patotoo na tayo'y kabilang na kay Jesus.

***Huling mga salita ni Jesus sa kanyang iglesya ay: "Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismohan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo. Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."* Mateo 28:19-20**

7. Maingat na pag-aralan ang mga utos na ito at magpasya kung ano ang ibig sabihin nito:
- ☐ Ang mga kristiyano ay dapat na humayo at gawing alagad ang lahat ng tao.
- ☐ Ang mga kristiyano ay dapat na mag-antay sa mundo na lumapit sa kanila upang makinig ng ebanghelyo.
- ☐ Pagpapabautismo ang dapat na resulta ng pagtuturo sa mga tao tungkol kay Jesus.
- ☐ Ang simbahan ang may tungkulin na bautismuhan ang mga tumanggap kay Cristo bilang Panginoon.
- ☐ Ang pagpapabautismo ay dapat gawing mahirap ng simbahan.
- ☐ Pagkatapos ng bautismo, ang bagong mananampalataya ay dapat turuan na sumunod sa lahat ng utos ni Jesus.
- ☐ Pagkatapos ng bautismo, kaunti na lamang ang maaaring ituro sa kanila.
- ☐ Ang mga sanggol ay mabuting mga alagad at samakatuwid ay kailangang bautismuhan.

Ano ang kailangan upang mabautismuhan at paano dapat ito gawin? Maraming halimbawa sa aklat ng mga Gawa ng mga Apostol. Isa rito ay nang masalubong ng alagad na si Felipe ang isang tao sa ilang at kinausap siya tungkol kay Jesus na Tagapagligtas. Biglang may mahalagang tanong ang taong iyon: ***Nagpatuloy sila sa paglalakbay at dumating sa isang lugar na may tubig. "May tubig dito!" sabi ng eunuko. Ako ba'y hindi pa maaaring bautismuhan?" [ Sinabi sa kanya ni Felipe, "Maaari kung sumasampalataya ka ng buong puso. Sumagot siya, "Sumasampalatay ako na si Jesus ang Anak ng Diyos."] Pinatigil ng eunuko ang karwahe; lumusong silang dalawa sa tubig, at binautismuhan siya ni Felipe.* Gawa 8:36-38**



8. Ano ang itinuturo nito tungkol sa pagpapabautismo?
- ☐ Ang isa sa kailangan ni Felipe para magbautismo ay maniwala ang tao kay Jesu-Cristo ng buong puso.
- ☐ Sinabi ni Felipe na ang tao'y kailangang subukan bago bautismuhan.
- ☐ Maraming pag-aalinlangan ang taong iyon tungkol sa ebanghelyo.
- ☐ Ipinahayag niya mismo ang kanyang pananampalataya kay Jesu-Cristo.
- ☐ Bumaba si Felipe at ang taong iyon at inilubog niya sa tubig.



Itala: Ang mga bihasa sa Bibliya ng iba't-ibang simbahan ay kinikilala na ang bautismo sa Bagong Tipan ay paglubog ng buong katawan sa tubig. Ang salitang Griyego ng "bautismo" ay ang "ilubog". Ang Bagong Tipan ay unang sinulat sa wikang Griyego at ang "bautismo", mula pa sa simula, ay nauunawaan ng lahat na nangangahulugang paglubog. Humigit kumulang 1,000 taon, binago ng papa ang uri ng bautismo mula paglubog ngayon ay pagwisik. Ang Griyego at ang Ruso ay hindi nagbago at patuloy na nagbabautismo sa pamamagitan lamang ng paglubog. Subalit, sila, tulad ng mga Katoliko Romano at iba pang mga simbahan ay nagbabautismo sa mga sanggol, na hindi kinakailangan ang sariling pananampalataya para mabautismuhan.

**Sariling Patotoo:**

*Markahan ang mga pangungusap na naglalarawan sa'yo:*
- ☐ Ako'y "biautismuhan" noong sanggol pa bilang pag-ayon sa tradisyon.
- ☐ Akin nang tinanggap si Cristo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas.
- ☐ Ako'y binautismuhan sa paraan ng paglubog sa tubig bilang patotoo na aking sariling pananampalataya kay Jesu-Cristo.
- ☐ Nais kong magpatotoo ng aking pananampalataya kay Cristo sa pamamagitan ng pagpapabautismo ayon sa turo ng Bibliya.

## Maging Kaanib ng Pamilya ng Diyos

Maliwanag na ang bautismo sa mga mananampalataya ay mahalaga noong panahon ng mga apostol. Habang pinaaalam sa kanyang mga salita na tayo'y naligtas lamang sa pamamagitan ng paghingi ng tawad at sa pananampalataya sa Panginoong Jesus at samakatuwid ang bautismo ay hindi nagliligtas, ngunit, makikita rin natin sa kanyang salita na ang lahat ng tumatanggap kay Cristo bilang Panginooon ay binautismuhan at tinggap bilang bahagi ng iglesya. Ang halimbawa nito'y ang mga sumusunod:

Marami pa siyang nilahad upang patunayan ang kanyang sinabi at nanawagan siya sa kanila, ***"Lumayo kayo sa masasamang lahing ito upang kayo'y maligtas." Kaya't ang mga naniwala sa kanyang sinabi ay nagpabautismo; at nadagdag sa kanila ang may 3,000 tao nang araw na iyon.*** **Gawa 2:40-41**



1. Sa dalawang talatang nabanggit, makikita natin ang:
- ☐ Kasama sa pananampalatayang nagliligtas kay Jesu-Cristo ang pasya na lumayo sa mga masasamang gawain ng mundo.
- ☐ Lahat ng tumanggap kay Crsito ay binautismuhan.
- ☐ Marami sa mga tumanggap kay Crsito ay nabautismuhan.
- ☐ Silang mga nabautismuhan ay naging kabilang ng iglesya.

Dalawang bagay ang malinaw dito at sa iba pang mga Salita ng Bibliya na ating pag-aaralan.

1) Ang bautismo ay isang likas na paraan ng pagpapahayag na tayo'y kabilang kay Cristo, namatay na ang dating buhay at ngayon ay namumuhay sa bagong buhay.

2) Hindi lamang ang bautismo ay likas na karanasan sa kanilang tunay na naligtas,maging ang pagiging kasapi ng simbahan.

***Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga iniligtas.*** **Gawa 2:47**

2. Sinasabi ng Bibliya sa talatang ito:
- ☐ Bawat isang naligtas ay idinagdag sa iglesya.
- ☐ Sila lamang na naligtas ang tinanggap bilang bahagi ng iglesya.
- ☐ Sila lamang na pinakamagaling sa mga naligtas ang naging bahagi ng iglesya.
- ☐ Ang pagiging bahagi ng iglesya ang kagustuhan ng Diyos sa mga naligtas.



Ang pagiging bahagi ng iglesya ay binibigay lamang sa mga nasubukan na tapat sa pananampalataya.

3. Iyong Pananaw: Bakit kinakailangang bautismuhan ang mga naligtas at maging bahagi ng simbahan.
- ☐ Kailangang alagaan ng simbahan ang espirituwal na buhay ng mga naligtas, ang mahina kasama ang malakas.
- ☐ Ang tanggihan ang mahina ay ang hindi pagtanggap sa tungkulin na pangalagaan sila.
- ☐ Ang iligtas ng Panginoon ay ang maging bahagi ng kanyang katawan.
- ☐ Hindi lahat ng naligtas ay dapat maging bahagi ng simbahan. Maaari silang magdala ng kahihiyan sa simbahan kung sila ay hindi magtagumpay.
- ☐ Bawat kristiyano ay kailangang maging bahagi ng espirituwal na pamilyang ito, aalagaan at bibigyan ng bahagi sa paglago at paglilingkod.
- ☐ Tayo'y naligtas dahil sa biyaya; naging bahagi tayo ng simbahan ni Cristo dahil rin sa kanyang biyaya.



***<u>Buhay na Bahagi ng Simbahan.</u>*** Halos imposible sa isang kristiyano na lumago ang buhay espirituwal sa labas ng pagtitipon ng simbahan na nabuo ayon sa Bagong Tipon. Ang pagiging bahagi ng iglesya ay hindi lamang nakakatulong sa paglago ng iyong espirituwal na buhay, kundi nagbibigay rin ng pagsasanay at natatanging pagkakataon na paglingkuran ang Panginoon na kasama ang iba. Ang tunay na kahulugan ng pagiging bahagi ng simbahan ay hindi lamang dahil nakasulat ang pangalan mo sa listahan ng mga kasapi. Ang pagiging bahagi ay nangangahulugan na palagi mong katipon ang ibang kasapi sa pagsamba at sa pagpupulong at iba pang gawain ng iglesya. Sumulat sa mga Hebreo ang manunulat: ***At huwag kaligtaan ang pagdalo sa ating pagtitipon gaya ng ginawa ng ilan, kundi palakasin ang loob ng isa't isa, lalo na sa ngayong nakikita nating nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.*** **Hebreo 10:25**

4. Dito, sabi sa Bibliya:
- ☐ Maliit lamang ang pagkakaiba kung tayo'y tapat na magtitipon o hindi.
- ☐ Maging sa panahon ng Bagong Tipan, ang iba'y may pangit na ugali na hindi dumadalo palagi sa pagtitipon ng simbahan.
- ☐ Kailangan nating magsama-sama upang palakasin ang bawat isa habang inaantay nating ang pagdating ng Panginoon.
- ☐ Maliwanag na tinutukoy ng Bibliya ang ibat-ibang uri ng manggagawa sa simbahan at kung paanong sila'y itinalaga upang makatulong sa'yo bilang kasapi ng simbahan.

***At ang iba'y ginawang apostol, ang iba'y propeta, ang iba'y ebanghelista, ang iba'y pastor at guro. Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng hinirang sa ikauunlad ng kanyang iglesya.*** **Efeso 4:11**



5. Sinasaad sa mga talatang ito:
- ☐ Nagbibigay ang Diyos ng mga natatanging manggagawa sa iglesya.
- ☐ Ang layunin ng mga manggagawang ito ay ihanda ang lahat ng mga tao ng Diyos sa gawain ng paglilingkod.
- ☐ Ang layunin ng mga gawain ng paglilingkod ay makatulong sa pagbuo ng katawan ni Cristo, ang iglesya.
- ☐ Hindi sigurado na ang Diyos ay may nakalaang gawain ng paglilikod para sa ating lahat.
- ☐ Tungkulin natin bilang kristiyano na gawin ang ating bahagi sa pagbuo ng iglesya.

Maraming nasasaad sa Bagong Tipan kung paanong makakatulong sa ating mga sarili at sa ating pamumuhay  ang pagiging bahagi ng iglesya. Ang mga sumusunod na Banal na Kasulatan ang halimbawa. ***Kayo'y hinirang ng Diyos, itinalaga para sa kanya at minamahal niya. Kaya't dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin. Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa't isa. Pinatatawad kayo ng Panginoon kaya't magpatawad din kayo. At higit sa lahat, mag-ibigan kayo pagkat ito ang buklod ng ganap ng pagkakaisa.*** **Colosas 3:12-14**

6. Paano dapat manamit sa iglesya ayon sa Diyos?
- ☐ Ang lalaki ay naka-barong at ang babae ay naka-saya.
- ☐ Ano man ang suot natin sa katawan, dapat "suot" natin ang kahabagan, kabaitan, pagpapakumbaba, mahinahon at matiisin.

7. Bakit maraming beses binanggit ang tungkol sa pagpapatawad sa iglesya?
- ☐ Tulad ng pamilya, hindi tayo dapat na magulat kung ang ibang kasapi ay nagsasabi o gumagawa ng mga bagay na hindi kaaya-aya sa iba.
- ☐ Bilang kapamilya, nagpapatawad at pinalalampas natin ang pagkakamali ng iba, at nais din natin na palampasin ang ating pagkakamali.
- ☐ Pag-ibig sa isa't isa ang pinaka-kailangan sa iglesya.
- ☐ Sapagkat lahat ng kasapi ng iglesya ay ganap, hindi kailangan ang kapatawaran.



***At pagharian ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Cristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng iyong katawan. Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni Cristo ay itinanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal na may pagpapasalamat sa Diyos. At anuman ang gawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.*** **Colosas 3:15:17**

8. Ano ang sinasabi ng bahaging ito ng Bibliya tungkol sa pagiging malugod sa kapayapaan ng Diyos?
- ☐ Bilang iglesya at bahagi nito, hayaan natin na ang kapayapaan ni Cristo ang manguna sa atin.
- ☐ May karapatan tayo na magsalita ng kahit anong gusto natin sa iglesya, kahit na makasakit sa iba.
- ☐ Ang kahulugan ng buhay kristiyano ay ang mamuhay ng may kapayapaan.

9. Ano ang sinasabi ng Bibliya na dapat nating gawin sa simbahan?
- ☐ Ano man ang ating gawin, ang Salita ng Diyos tungkol kay Cristo ang dapat na mangibabaw sa ating pag-aaral, sa ating pagtuturo at sa ating pagsamba.
- ☐ Sa simbahan, dapat tayong magturuan at magpaalalahanan sa isa't isa.
- ☐ Kumanta ng may kagalakan at pagpapasalamat ng buong puso kay Cristo.
- ☐ Tumayo at umawit ng isang oras o higit bilang parusa at alay sa ating kasalanan sa Diyos.
- ☐ Gawin natin ang lahat sa ngalan ng ating Tagapagligtas at Panginoong Jesu-Cristo, nagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus.
- ☐ Gawin natin ang lahat sa ngalan ni Jehovah.

Ikalimang Hakbang 5

## Sumunod sa Iyong Panginoon

Bago natin nakilala si Cristo, tayo'y mga likas na "suwail na mga anak," namumuhay ng hiwalay sa Diyos at sa kanyang mga kagustuhan para sa sariling buhay. Nang tinanggap natin si Cristo bilang ating Panginoon, nangako tayong sumunod at maglingkod sa kanya, nagpapasakop sa buhay ng pagsunod sa Diyos. Humingi ng tawad sa ating mga kasalanan, pagsuway na buhay at sinuot ang buhay na pagsunod at ang mga pagpapalang binibigay ng ganitong buhay.



***Ang Utos na Sumunod at ang Pangako ng Pagsunod.*** Ang huling utos ni Jesus sa kanyang mga lingkod ay ang sumusunod: ***Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo.*** **Mateo 28:19-20a** (Tagalog Popular Version)

1. Sa dakilang utos o bilin na ito sa kanyang mga lingkod sinasabi ni Jesus na:

☐ Humayo sa lahat ng tao sa lahat ng mga lugar at hayaang maunawaan nila kung sino si Jesus at ang kanyang mga Salita.
☐ Bautismuhan silang gustong sumunod kay Jesus.
☐ Sabihin sa mga nabautismuhan na mamuhay ayon sa kanilang ibig hanggat sila'y nananalig.
☐ Sabihin sa mga nabautismuhan na sumunod kay Jesus sa lahat ng kanyang pinag-uutos.

2. Sa Iyong Pananaw: Bakit mahalaga kay Jesus na sundin natin siya sa lahat ng sinabi niyang gawin?

Pinili ng Diyos si Josue na gumawa ng dakilang bagay, na pangunahan ang Israel patungong Lupang Pangako. Ibinigay niya ang mga sumusunod na habilin na magagamit ng bawat isa sa atin. ***Ngunit dapat kang magpakatatag at magpakatapang. Sundin mong mabuti ang Kautusang ibinigay sa inyo ni Moises. Huwag mong susuwayin ang anumang tinatagubilin doon, at magtatagumpay ka sa lahat mong gagawin.*** **Josua 1:7**



3. Markahan ng tsek ang mga bilin na binigay ng Diyos sa kanyang lingkod na si Josue:

☐ Magpakatatag at magpakatapang sa pagsunod sa Diyos.
☐ Mag-ingat sa pagsunod sa batas at sa tagubilin ng Diyos na binigay na kay Moises at sa kanyang mga lingkod.
☐ Huwag mag-alala kung nasusunod ba niya ng maayos ang Diyos.
☐ Kung susundin niya ng maingat ang Diyos, siya'y magiging matagumpay saan man siya pumaroon.

4. Sa Iyong Pananaw: Hanggang saan ang pagsunod ni Josue sa Diyos na gayon na lamang ang kadakilaan ng kanyang mga tagumpay sa buhay?

5. Sino ang pinakamasasabing duwag sa buhay:

☐ Ang taong nabubuhay ayon sa kanyang sariling karunungan at kagustuhan.
☐ Ang taong maingat sa paggawa ng nais ng Diyos.



***"Kaya't ang bawat nakikinig at nagsasagawa ng mga salita kong ito ay matutulad sa isang taong matalino na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Umulan ng malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hanggin ang bahay na iyon, ngunit hindi nagiba sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato."*** **Mateo 7:24-25**

6. Malinaw na sinasabi ni Jesus:

☐ Ang pakinggan ang mga turo at utos at gawin iyon ay karunungan.
☐ Ang tunay na kristiyano ay hindi kinakailangang magtiis sa mga bagyo ng buhay.
☐ Ang bagyo ay dumarating sa lahat, maging sa mga buhay ng mga kristiyano.
☐ Ang taong nabubuhay sa mga turo ni Jesus ay mananatili, dumating man ang bagyo.

Ang Panganib ng Pagsuway. Nagpatuloy si Jesus sa babalang ito: ***"Ang bawat nakikinig ng aking mga salita at hindi nagsasagawa nito ay matutulad saisang taong hanggal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Umulan nang malakas, bumaha, at binayo ng malakas na hanggin ang bahay. Bumagsak ang bahay na iyon at lubusang nawasak."*** **Mateo 7:26-27**

7. Ano ang sinasabi ni Jesus na mangyayari sa kanilang narinig ang kanyang mga utos ngunit pinili pa ring mamuhay ayon sa kanilang mga ibig?

***<u>Kapatawaran sa Pagsuway.</u>*** Alam natin na tayo'y mga makasalanan bago natin tanggapin si Cristo bilang Panginoon. Sumunod na nalaman natin, kahit pinili na natin na sumunod kay Cristo, binibigo pa rin natin siya at patuloy na nagkakasala kahit kristiyano na. Patatawarin ba tayo ng Diyos kung tayo'y magkasala bagamat mga kristiyano na? Sabi ni Pablo: ***Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan. Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin! Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran.*** **Efeso 1:7-8**

8. Sumusulat sa mga kristiyano, sinabi ni Pablo ang mga sumusunod:
- ☐ Binayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo na inalay para sa atin.
- ☐ Tayong mga kristiyano ay pinatawad sa kasalanan sa pamamagitan ni Cristo.
- ☐ Mahirap sa atin ang makamtan ang kapatawaran ng Diyos.
- ☐ Sagana ang biyaya ng Diyos para sa atin, maging ang pagpapatawad ng lahat ng mga kasalanan.

Maaari pa rin bang magkasala ang mga kristiyano pagkatapos makilala si Cristo, at kung ganon, paano natin makakamtan ang buong pagpapatawad ng Diyos? Sumagot ang apostol na si Juan: ***Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating mga sarili, at wala sa atin ang katotohanan. Kung ipapahayag natin ating mga kasalanan, maaasahan nating ipapatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan siya'y matuwid.*** **1 Juan 1:8-9**

9. Malinaw na sinasabi ni Juan ang sumusunod:
- ☐ Kung sinasabi ng mga kristiyano na sila'y walang kasalanan niloloko nila ang kanilang mga sarili.
- ☐ Kapag napansin nating tayo'y nagkakasala, tigilan natin at ihayag sa Diyos ang kasalanang nagawa.
- ☐ Kapag tayo'y nakipagkasundo sa Diyos sa kasalanang ating nagawa, patatawarin tayo ng Diyos.
- ☐ Ayon kay Juan, maraming mga kasalanan ang hindi mapapatawad ng Diyos.

Ang Kabayaran ng Lahat ng Pagsuway. Maraming tao ang hanggal na iniisip na, "Kung kaya at patatawarin ako sa aking mga kasalanang nagawa, gagawa na lamang ako ng kasalanan hanggang gusto ko at tandaan na humingi ng tawad sa kanya." Hindi alam ng mga ganitong tao kung paano maging kristiyano, sapagkat ang kristiyano ay ang taong humingi ng tawad sa kanyang makasalanang buhay upang sumunod sa gusto ni Jesus at hindi lamang para sa sarili.





Subalit, ang mga tunay na kristiyano na nagkasala at tapat na lumalapit sa Diyos para mapatawad ay dapat malaman na may mapanganib na kabayaran ang bawat kasalanan, maging ang kasalanang pinatawad na ng Dityos. Sinulat ni Pablo: ***Huwag ninyong linlangin ang inyong mga sarili; ang Diyos ay di madadaya ninuman. Kung ano ang inihasik ng tao, iyon din ang kanyang aanihin.*** **Galacia 6:7**

10. Ang Iyong Pananaw: Kung gustuhin ng kristiyano na uminom, manigarilyo o gumamit ng bawal na gamot, ang pagpapatawad ba ng Diyos ay makapag-iiwas sa kanila sa karamdaman, pagkasira o pagkamatay ng maaga?

11. Markahan ang mga paraan kung saan makapaghahasik sa buhay at pagkatapos ay aani ng mga kakila-kilabot na kahihinatnan.
- ☐ Tinatalikdan ang pagsasama ng mga kristiyano at nakikipagkaibigan sa mga taong hindi kilala ang Diyos.
- ☐ Hindi matapat sa kanyang pag-aaral, trabaho o pangangalakal.
- ☐ "Pakikipagsapalaran" sa pagtatalik o ano man.
- ☐ Namumuhay ng makasarili imbis na para sa Diyos at sa pagpapala ng iba.
- ☐ Malupit sa iba at hindi nagpapatawad.

Lihim na Pagsisiyasat ng Sarili. Tanungin ang sarili kung ano ang mayroon sa buhay mo ngayon na hindi kaaya-aya sa Diyos. Ihingi ng tawad sa Diyos at hilingin sa kanya na linisin ka. Magsimulang mamuhay ngayon sa tagumpay ng pagpapatawad at paglilinis ng Diyos.


Ikaanim na Hakbang 6

## Palaguin ang Pakikipagkaibigan sa Diyos

Mula ngayon, ang kalidad ng buhay mo ay nakasalalay, mas mahalaga sa lahat, sa pagpapalago ng iyong pakikipagkaibigan sa Panginoon. Sa dahilang ito, sinulat ni Pedro: Magpatuloy kayo sa paglago sa kabutihanat sa pagpapakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo 2 Pedro 3:18. Sinabi mismo ni Jesus sa mga kristiyano, Nakatayo ako sa labas ng pintuan at tumutuktok. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, ako'y papasok sa kanyang tahanan at magkasalo kaming kakain. Pahayag 3:20

1. Sa mga salita ni Jesus mauunawaan natin ang sumusunod:
- ☐ Maraming beses na si Jesus ay malayo sa atin.
- ☐ Laging nandyan si Jesus at gusto niyang maging bahagi ng buhay natin at nang ating isip at gawa.
- ☐ Si Jesus ay papasok sa buhay natin, sa ayaw o gusto natin.
- ☐ Si Jesus ay makikisalo sa atin kung siya'y ating aanyayahan.
- ☐ Mahalaga na tayo'y laging handa sa Panginoon, makinig sa kanya kapag siya'y nagsasalita at anyayahan siya na makisalo sa ating buhay.
- ☐ Nais ng Diyos na tayo'y may malalim na relasyon sa kanya, na kunwari'y kasama natin siya na nakaupo sa hapag kainan at kumakaing kasama natin.

Dapat nating tanungin ang ating mga sarili, paano natin aanyayahan si Jesus sa ating araw-araw na buhay at masayang makasama siya? Sa madaling salita, paano mangyayari ito? Ang sagot ay dapat lagi tayong nakikipag-ugnayan sa kanya, nakikinig at nakikipagtalastasan.




***<u>Paano Pakikinggan ang Panginoon:</u>*** Minsan, magsasalita sa'yo ang Panginoon at ihahayag ang kanyang sarili sa mga bagay na nangyayari sa buhay mo o sa mga kasama mo sa buhay. Minsan, ipararamdam niya sa'yo ang gusto niya o ang nararamdaman niya, nakikipag-ugnayan sa iyong espiritu. Subalit, nililoko natin ang ating mga sarili kung lagi tayong nakaasa sa ating pakiramdam at mapagkamalan natin ang Espiritu ng Panginoon sa espiritu ng iba. Sa dahilang ito, binigay ng Panginoon ang kanyang pinagpala at tamang mga salita, ang Bibliya.

Paulit-ulit sinasabi ng Diyos kung paano natin siya maririnig at kung paano Lalago ang ating buhay espirituwal sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Muli, maririnig kay Pedro, na sumulat: ***Gaya ng sanggol kayo'y manabik sa gatas na espirituwal upang umunlad sa pananampalataya hanggang kamtan ang ganap na kaligtasan.*** **1 Pedro 2:2**



2. Dito, sinasabi sa atin:
- ☐ Tulad ng sanggol na humuhingi ng gatas, tayo rin nama'y dapat ring humingi sa Diyos ng dalisay na gatas na espirituwal na mula sa Bibliya.
- ☐ Ang gatas na ito'y makakatulong sa ating paglagong espirituwal.
- ☐ Kung tayo'y naligtas at nalamang ang Panginoon ay mabuti, hindi na natin kailangan pa ang Bibliya.



Ngunit sumagot si Jesus, ***"Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang namumutawi sa bibig ng Diyos.'"*** **Mateo 4:4**


3. Sinasabi ni Jesus na:
- ☐ Ang Salita ng Diyos ay ang "tinapay" na nagbibigay buhay at lakas.
- ☐ Ang pangunahing aalalahanin ay ang ating tiyan at piliting hindi lumiban sa pagkain.

Ibig sabihin nito sa araw-araw, marahil maraming beses sa isang araw, dapat nating buksan at basahin ang Bibliya. Ang nakakapagtaka sa Bibliya halos lahat ng mababasa mo, makikita mo ang iyong sarili at mga pangyayari sa sarili doon. Sa nababasa mo, maaaring makipag-usap ang Panginoon sa'yo tungkol sa mga kailangan mo at pangyayari sa buhay. Subalit, Hindi nangangahulugan na pikit ang mata na bubuksan ang Bibliya at ituturo kung ano ang babasahin.

Mahalaga na may handang plano sa pagbabasa ng Bibliya. Maraming paraan ang magagamit, at maaari mong tanungin ang iyong guro o ang iyong pastor kung anong paraan ang kanilang ginagamit. Ito ang ibang halimbawa: Magsimula sa Bagong Tipan, basahin at magnilay-nilay sa mga aralin tungkol kay Jesus, kanyang halimbawa, turo at pagmamahal. Pagkatapos, basahin ang maiikling liham ng mga Apostol, tulad ni Filipos, Colosas, at 1 Pedro. Sunod nito, sambahin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay sa aklat ng Mga Awit at tuklasin ang mga payo ng Diyos sa aklat ng Kawikaan. Dagdag pa dito, basahin araw-araw ang Luma at ang Bagong Tipan, simula sa Genesis at marahil ang Mga Gawa ng Apostol. Magkaroon ng palagiang oras araw-araw sa pagbabasa ng Bibliya.

Nang nagsimula si Josue sa kanyang dakilang gawain, kinausap mismo siya ng Diyos kung paano magiging matagumpay. Sinabi niya, ***"Huwag mong kaligtaang basahin ang aklat na yaon. Dili-dilihin mo iyon araw-gabi upang matupad mo ang lahat ng nasusulat doon. Sa gayon, giginhawa ka at magtatagumpay."*** **Josue 1:8**

4. Ano ang sinabi mismo ng Diyos tungkol sa kanyang salita?



- ☐ Ibahagi natin sa iba.
- ☐ Magnilay-nilay sa mga ito araw at gabi.
- ☐ Makinig man o hindi tayo sa Salita ng Diyos, bilang mga kristiyano tayo ay magiging matagumay at maunlad sa lahat ng gagawin.
- ☐ Kung maingat nating susundin ang mga Salita ng Diyos, tayo'y magiging matagumpay at maunlad.

***<u>Paano Tayo Makikipag-usap sa Panginoon?</u>*** Hindi lamang natin dapat pakinggan ang Panginoon habang nagsasalita sa atin, dapat din tayong makipag-usap ng malaya. Alalahanin alam ng Diyos ang bawat iniisip at gagawin mo. Kaya maging tapat at kausapin siya palagi. Sinasabi ni Pablo kung paano dapat manalangin: ***Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos.*** **1 Tesalonica 5:18**

5. Ano ang dapat na pag-uugali kapag nakikipag-usap sa Diyos?
- ☐ Mayroon tayong dahilan upang magalak lagi dahil kapiling natin ang Panginoon.
- ☐ Makipag-usap lagi sa Panginoon yamang siya ang ating matalik na kaibigan sa lupa.
- ☐ Laging magpasalamat sa kanya sa kahit anong pangyayari, sapagkat alam natin na tayo'y tutulungan niya.
- ☐ Hindi mahalaga sa Diyos kung manalangin tayo ng ganito o hindi.

Si Jesus ay laging nananalangin at may dakilang resulta. Kaya, lumapit ang kanyang mga alagad at nagpaturo kung paano manalangin. Ibinigay niya ang "Halimbawang Panalangin", hindi upang ulit-ulitin na hindi man lamang iniisip ang sinasaad nito, subalit isang halimbawa ng sinasaad ng panalanging gagawin.



Ganito kayo mananalangin: ***"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, kundi ilayo mo kami sa Masama!*** **Mateo 6:9-13**



6. Anong mga mungkahi ang makikita sa halimbawang panalangin na ito? Kausapin ang Diyos gaya ng iyong ama.
- ☐ Magsimula nang manghingi ng kahit anong gusto.
- ☐ Kilanlin ang kapangyarihan, ang kadakilaan at ang kabanalan ng Diyos.
- ☐ Hilingin natin sa kanya na siya ang maghari sa lahat at manguna sa atin.
- ☐ Hilingin sa kanya na mangyari nawa ang lahat ayon sa kanyang ibig.
- ☐ Hindi dapat humihingi ng mga materyal na bagay, tulad ng pagkain, damit, at bahay.
- ☐ Hilingin na tayo'y patawarin niya.
- ☐ Patawarin ang mga nagkakasala sa atin.
- ☐ Hilingin na tayo'y ilayo sa gawain ng masama ng demonyo at sa tukso.

Sa halimbawang panalangin, sinabi ni Jesus na patatawarin tayo ng Diyos sa parehong paraan ng pagpapatawad natin sa mga nagkakasala sa atin. Ito ang batayan ng matagumpay na pananalangin. Ang isa pang batayan ay ang paglilinis ng Diyos sa ating mga kasalanan na nakahadlang sa pakikipag-ugnayan natin sa kanya. Nagsalita ang Diyos sa kanyang mapaghimagsik na bayan ng Israel, na sinasabi: ***Si Yahweh ay laging malakas upang iligtas ka, hindi s'ya bingi't ang mga daing mo ay diringgin niya. Ngunit ang sala mo ang naging dahilan kaya di marinig ang dalangin mo, at siya ring dahilan sa paglalayo ninyo.*** **Isaiah 59:1-2**

7. Ano ang mensahe ng Diyos sa kanyang makasalanang mga tao?
- ☐ Ang kamay ng Diyos ay laging malakas upang magligtas.
- ☐ Hindi dapat isipin ng mga tao na ang Diyos ay bingi.
- ☐ Ang kasalanan sa buhay ng kanyang mga tao ay maliit na bagay sa Diyos.
- ☐ Ang kasalanan sa buhay ng kanyang mga tao ang dahilan ng kanyang pagtalikod sa kanila at hindi pakinggan ang kanilang mga panalangin.

***<u>Ano ang ating gagawin, araw-araw sa ating mga kasalanan?</u>*** Sabi ni Juan: ***Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid.*** **1 Juan 1:9**

8. Ayon kay Juan, ano ang kailangan nating gawin upang patawarin sa ating mga kasalanan at mapasa-espirituwal na kalagayan na diringgin tayo ng Diyos at sasagutin ang ating mga panalangin?

Magwakas tayo sa kadakilaan ng mga pangako ni Jesus tungkol sa panalangin: ***Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa pangalan ko; humingi kayo, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan.*** **Juan 16:24**

## Gamitin ang Kaloob ng Espiritu

Nang ikaw ay naligtas, maraming ginawa ang Panginoon sa buhay mo. Kasama dito ang pagpapatawad sa kasalanan mo, ang mamuhay sa iyo at pagtatatak ng Banal na Espiritu, pagbahagi sa'yo ni Jesus ng walang hanggang mana at maraming pang bagay. Layunin ng Diyos na lahat ng anak niya ay makasama sa kanyang espirituwal na pamilya, ang iglesya, ang Panginoon mismo ang kumilos upang madagdag ka sa iglesya. Ito ang tunay sa simula pa lamang: ***At dinagdag sa kanila ng Panginoon ang mga naligtas Gawa* 2:47b.** Ito ang ganap maging ngayon.

***Kaloob na Natanggap mula sa Banal na Espiritu:*** Nang ikaw ay naligtas at dinagdag ka sa iglesya ng Panginoon sapamamagitan ng Banal na Espiritu na namumuhaysa'yo ngayon, binigyan ka niya ng natatanging kaloob na magagamit sa iglesya. Ang natatanging kaloob na ito ay natatanging kakayanan ng ibinigay niya sa'yo ay para sa kapakanan ng lahat ng espirituwal na kapamilya mo. Kasabay nito,ang kaloob na ibinigay niya sa ibang kasapi ng iglesya ay makakatulong sa'yo. Ipinaliwanag ito maigi ni Pablo: ***Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi, at hindi pare-pareho ang gawain ng bawat isa. Gayon din naman, tayo'y marami ngunit nabubuo ng iisang katawan ni Cristo, at isa't isa'y bahagi ng iba.* Roma 12:4-5**



1. Pag- usapan kung paano maihahalintulad ang katawan ng tao sa iglesya?

2. Iyong Pananaw: Bakit ang bawat bahagi ng katawan ng tao ay naiiba sa bawat isa? Sa paanong paraan na ang bahagi ng katawan ng isang tao ay "nauugnay" sa iba pang bahagi nito?

Patuloy si Pablo sa pagbanggit ng ating pagiging "kasapi" o mahalagang bahagi ng iglesya at kung paanong ang bawat bahagi ay nagtutulungan. ***Yamang mayroon tayong mga kaloob na magkakaiba ayon sa kagandahang-loob ng Diyos sa atin.* Romans 12:6a**


3. Ano ang malalaman natin sa ating mga kaloob?
- ☐ Ang mga tao sa simbahan ay magkakaiba ng kaloob.
- ☐ Hindi ito pinaghirapan, ito ay kaloob ng Diyos ayon sa kanyang kagandahang-loob.
- ☐ Ito ay pinaghihirapan nilang karapatdapat.



***Kung pagpapahayag ng kalooban ng Diyos ang ipinagkaloob sa atin, ipahayag natin ito ayon sa sukat ng ating pananampalataya; kung paglilingkod maglingkod tayo. Magturo ang tumanggap ng kaloob na pagtuturo at mangaral ang may kaloob ng pangangaral. Kung pag-aabuloy, mag-abuloy ng buong kaya; kung pamumuno, mamuno ng buong sikap. Kung nagkakawanggawa, gawin ito ng buong galak.* Roma 12:6b-8**

4. Guhitan ang pitong kaloob na nabanggit sa mga talata. Alin sa mga ito ang nakikita mo sa kasapi ng iyong grupo?

5. Sa kabuoan, ano ang dapat nating gawin sa ating mga kaloob na espirituwal ayon kay Pablo?
- ☐ Walang kabuluhan sa Diyos kung gamitin natin o hindi.
- ☐ Paglingkuran ang iba ayon sa kaloob o mga kaloob na mayroon.
- ☐ Gamitin ang mga kaloob ng mabuti hanggang sa makakaya.



Maraming talata sa Bagong Tipan ang nagpapahayag tungkol sa mga kaloob ng Espiritu na ibinigay sa mga kristiyano. May mga 22 ibat-ibang espirituwal na kaloob ang nabanggit sa Bagong Tipan. Bukod tanggi si Jesus ang mayroon ng lahat ng kaloob na ito. Bawat kristiyano ay may isang kaloob, ang iba'y mayroon ng marami. Ibinigay ito ng Banal na Espiritu na tumatahan sa'yo at sa bawat kristiyano. Kakaiba ito sa mga karaniwang talento, subalit maaaring kahalintulad. Halimbawa, ang isang tao ay may aking talento sa pagiging magaling na tagapagsalita sa publiko. Subalit ang kaloob lamang ng Banal na Espiritu ang makagagawang siya'y maging "propeta," ang taong nangangaral o nagsasalita para sa Diyos.

Ang Apostol Pedro ay sumasang-ayon kay Pablo tungkol sa kaloob ng espiritu. Sinulat niya: ***Bilang mabuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawat isa. Ikaw ba'y tagapangaral? Ipangaral mo ang salita ng Diyos. Ikaw ba'y tagapaglingkod? Gamitin mo sa paglilingkod ang lakas na kaloob sa iyo ng Diyos upang siya'y papurihan sa lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kapangyarihan at karangalan magpakailanman! Amen.* 1 Pedro 4:10-11a**

6. Ano ang sinasabi ni Pedro tungkol sa ating kaloob na espirituwal?
- ☐ Ang ating paglilingkod ay ayon sa kaloob ng espiritu.
- ☐ Ang kaloob ng espiritu ay ibinigay upang mapaglingkuran natin ang iba sa pamamagitan nito. Hindi natin pagmamay-ari, tayo'y tagapangalaga lamang ng iba't
- ☐ ibang kaloob na ito na galing sa Diyos.
- ☐ Ang kaloob ng espiritu ay gagamitin natin sa paraang nais, una sa ating kapakanan.
- ☐ Kapag ginagamit natin ang kaloob ng espiritu, gamitin natin ng may buong tiwala sa kapangyarihan ng Diyos.

Paano Malalaman ang Kaloob ng Espiritu sa Iyo. Hindi tinutukoy ng tumpak sa Bibliya kung paano mo malalaman ang kaloob ng espiritu. Ang mga kaloob na ito ay makikita sa atin at sa iba sa patuloy nating paglago sa Panginoon at sa kanyang paglilingkod. Ayon sa 1 Corinto, kabanata 12, 13 at 14, maiging isinulat ni Pablo ang tungkol sa mga kaloob at pinangalanan ang marami dito. Binigyang diin niya ang mga kabanatang ito upang malaman mo na ang mga kaloob ng espiritu ay gagamitin lamang sa pakinabang ng iba at ang ibang kaloob ay mas mahalaga at kapaki-pakinabang kaysa sa iba. Ang pinakamahalagang kaloob sa lahat, na ssinulat niya sa 1 Corinto 13, ay ang kaloob ng pagmamahal ni Cristo na nasa ating mga puso.

Ito ang ilang mungkahi tungkol sa paraan para malaman mo kung anong kaloob ang mayroon ka:

1. Bilang biyaya ng Diyos, halos palagi tayong masaya sa paggamit ng mga kaloob ng espiritu. Halimbawa, ang taong may kaloob ng paglilingkod ay mahilig maglingkod. Sila ang mga taong maaasahang tutulong sa lahat ng paraang makakaya. Ang taong may kaloob ng pagpapahayag (tagapagsalita ng Diyos) ay nais ang pagkakataong makapagsalita. Si Simon Pedro, bilang halimbawa, na naging dakilang mangangaral, ay halos laging nauuna upang mangaral sa grupo ng mga Apostol.

2. Ang mga kaibigan mo at kapamilyang espirituwal ay makakatulong upang sabihin sa'yo ang kaloob o natatanging galing na nakikita nila sa buhay mo. Maging ikaw mismo sa sarili ay makakapansin ng mga kaloob na akin.

3.Maaari kang sumubok ng ibang ministeryo kung saan ang tulong mo'y kailangan. Ang kaloob ng espiritu ay nahahasa habang ginagamit. Halimbawa, maraming kristiyano ang may kaloob ng pagtuturo, kung makukuha nila ang mga kailangang gamit na madaling gamitin. Mas maraming beses na magtuturo mas gagaling sila. Kung may sinusubukan kang ministeryo, ngunit sa tingin mo'y hindi ka pinagpapala o pakiramdam mo ikaw ay hindi pagpapala sa iba, humanap ng ibang ministeryo kung saan ikaw at ang iba'y pagpapalain. Huwag tumanggap ng pirmihang pananagutan na pakiramdam mo'y walang pagpapala, bagkus kabiguan lamang. Sa halip, humanap ng ministeryo na ikaw ay lalago at mararanasan ang pagpapala ng Diyos sa buhay mo.



Ang Gantipala ng Tapat na Paglilingkod. Habang mahalaga ang kaloob ng espiritu sa'yo, kailangan mong tandaan na ito'y kasangkapan lamang na bigay ng Diyos para sa iyong sariling ministeryo. Ang bawat kristiyano ay "Naligtas upang Maglingkod" at iyan ang inaasahan ng Panginoon sa'yo. Ang kanyang sariling dugo ang ipinambayad niya at tinawag ka niya para sa kanyang paglilingkod. Kusang-loob mong tinanggap siya bilang Panginoon at ang layunin ng buhay mo ngayon ay ang paglingkuran siya sa pinakamabuti mong paraan at sa kahit na anong paraang kailangan.



Sinabi ni Jesus sa kabanata 25 ng Mateo, ang talinhaga ng panginoong nagbigay ng malaking halagang salapi sa tatlong alipin upang ito'y tumubo. Dalawa sa alipin ay tapat at ang ikatlo ay tinago lamang ang salapi upang ibalik sa kanyang panginoon na walang kinita. Makikinig tayo ngayon sa sasabihin ng panginoon sa kanyang tapat na alipin: ***"Pagkaraan ng maraming panahon, bumalik ang panginoon ng mga alipin g iyon at pinpagsulit sila. Lumapit ang tumanggap ng P5,000. Wika niya, 'Panginoon, heto po ang P5,000 na tinubo ko.' Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting alipin! Yamang naging tapat ka sa kakaunting halaga, pamamahalain kita sa malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan!'"*** **Mateo 25:19-21**

7. Ano sa palagay mo ang gustong sabihin ni Jesus sa bahagi ng talinhagang ito?

- ☐ Darating ang panahon na lalapit ang Panginoon at pasusulitin niya tayo kung paano natin ginamit ang ating mga buhay at ang kaloob ng espiritu na binigay niya.
- ☐ Walang pakialam ang Panginoon kung tayo'y tapat o hindi sa paglilingkod sa kanya.
- ☐ Ipapakita ng Panginoon ang kagalakan niya sa pakinabang na ibinigay ng buhay natin sa kanya at sa kanyang kaharian.
- ☐ Kung tayo'y tapat sa kaloob na natanggap, marami pa siyang ibibigay na pagkakataon sa atin sa walang hanggan.
- ☐ Ang Panginoon at maging ikaw ay magagalak habang naglilingkod sa kanya dito lupa.

Ikawalong Hakbang 8

## Maging Maunlad na Tagapangasiwa



Maraming mga tao ang naniniwala na ang ginagawa ng Diyos sa ating mga buhay ay may kinalaman sa mga tanong natin sa espiritu at sa walang hanggan, ngunit walang gaanong kinalaman sa ating pananalapi, katawan at mga pangangailangang materyal. Dito, sila'y labis na nagkakamali sapagkat nais ng Panginoon na pagpalain tayo at gamitin tayo pagdating sa pananalapi, sa ating mga katawan at materyal na bagay ng buhay maging ang ating buhay espirituwal.

***<u>Ang Pangakong Pagpapala ng Panginoon:</u>*** ***Sinabi ni Jesus, Naparito ako upang ang mga tupa'y magkaroon ng buhay - isang buhay na ganap at kasiya-siya.*** **Juan 10:10b**


1. Pananaw: Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Jesus sa pangakong ito?
- ☐ Siguradong tinutukoy niya ang lahat ng aspeto ng buhay.
- ☐ Binabanggit lamang niya ang buhay na walang hanggan.
- ☐ Layunin niya na hindi lamang magkaroon ng buhay sa kanya kundi magkaroon ng buhay na ganap.

Malaki ang tiwala ni Pablo sa kagustuhan ng Diyos at kakayanan na ibigay ang lahat ng pangangailangan ng kanyang mga tao. Sinulat niya sa mga tapat na lingkod ng Filipos: ***At buhat sa kayamanan niyang hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng iyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*** **Filipos 4:19**

2. Ano ang sabi ni Pablo na gagawin ng Diyos sa kanyang mga tapat na mga tao?
- ☐ Ibibigay lamang niya ang espirituwal na pangangailangan.
- ☐ Ibibigay niya ang lahat ng kailangan.
- ☐ Ipinangako niya na hindi lamang ibibigay ang mga pangangailangan kundi lahat ng naisin.
- ☐ Ang mga pangakong ito ay batay sa kanyang kayamanan na ibibigay ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.

***<u>Ang Diyos ang Nagmamay-ari ng Lahat ng Bagay.</u>*** Kayang mangako ng Diyos na ibigay ang lahat ng kailangan natin sapagkat siya ang may-ari ng lahat ng bagay. ***"Pagkat ang ginto at pilak ay akin."*** **Ageo 2:8**





Nangangahulugan din na ang Diyos ang may-ari ng lahat ng bagay na mayroon tayo. Siya ang may-ari ng ating katawan, ng ating buhay, ng ating pamilya at lahat ng ating ari-arian. Siya ang may-ari sapagkat nilikha niya ang lahat at siya rin ang may-ari dahil nang ibigay niya ang sarili sa krus siya ay nagkaroon ng karapatan. Sinulat ni Pedro: ***Alam ninyo kung ano ang tinubos sa inyo sa walang kabuluhang pamumuhay na inyong minana sa inyong mga magulang. Ang itinubos sa inyo'y di mga bagay na nasisira o nauubos, paris ng ginto o pilak, kundi ang buhay ni Cristong inihain sa krus. Siya ang korderong walang batik at kapintasan.*** **1 Pedro 1:18-19**

Ang paraan ng walang kabuluhang buhay ay kasalanan, pansariling adhikain at pagkawalay sa Diyos. Ang dugo ni Cristo na naging alay ang nagligtas sa atin sa mga bagay na iyon at ginawa tayong tunay na kanya. Sa dahilang ito, tinatawag natin siyang "Panginoon," sapagkat binili at binayaran niya tayo at tayo'y kanya.

Niliwanag din ni Pablo: ***Kaya't gamitin ninyo ang inyong mga katawan upang maparangalan ang Diyos*****. 1 Corinto 6:20**

3. Sinasabi sa atin ni Pablo:
- ☐ Tayo'y mga binili, hindi na nagmamay-ari.
- ☐ Malayang mamuhay sa paraang gusto.
- ☐ Parangalan antin ang Diyos ng ating mga katawan.

4. Pananaw: Paano natin pararangalan ang Diyos ng ating mga katawan?
- ☐ Paglilingkod sa iba ng kapakipakinabang.
- ☐ Ilayo ang sarili sa malaswang asal.
- ☐ Magsumikap na sumuporta at suportahan ang pamilyang bigay ng Diyos.
- ☐ Umawit at magpuri sa Diyos sa pamamagitan ng ating mga tinig.
- ☐ Pag-inom ng alak, paninigarilyo, at paggamit ng bawal na gamot.
- ☐ Alagaan ang kalusugan sa kaalamang kaya.

***<u>Ikaw ang Tagapangasiwa ng Diyos.</u>*** Kung ang Diyos ang may-ari ng lahat ng bagay, maliwanag na wala tayong pagmamay-ari. Ano ngayon kaugnayan natin sa mga bagay na akala natin ay atin? Sa maraming talata,sinasabi ng Bibliya na tayo'y mga "tagapangasiwa" o "katiwala" ng nasa atin. Tayo ang "taong napag-atasan" sa mga bagay na hinabilin sa atin ng Panginoon. At sinulat ni Pablo, ***"Ang katiwala'y kailangang maging tapat sa kanyang panginoon."*** **1 Corinto 4: 2**

5. Pananaw: Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng "tagapangasiwa" o "taong napag-atasan" sa mga bagay na hinabilin sa atin?

- ☐ Hindi ako ang may-ari ng lahat ng bagay na ito. Ako ang may pananagutan kung ano man ang gagawin ko sa mga ito.
- ☐ Maaari kong gawin ano man ang naisin.
- ☐ Kailangang maging tapat sa pangangasiwa sa paraang tapat sa Diyos, ang tunay na may-ari.

Ang maging tagapangasiwa ng Diyos ay malaking pagkakataon at pagpapala. Nangangahulugan na ang ating buhay materyal at pananalapi ay tunay na galing sa kanya at kung sasang-ayon tayo, tatanggapin niya ang buong pananagutan ng ating kapakanan. Ang Diyos ay mahusay na nangangalaga sa lahat ng kanya. Ang kabaliktaran ay mamuhay ng tulad ng dati, ikaw ang mananagot sa sariling kapakanan at hayaan maunawaan ng Diyos na walang siyang pananagutan sa atin. Tama lamang na tayo'y mag-alala sa mga pangunahing pangangailangan ng buhay, at sinabi ni Jesus: ***Ngunit pagsumakitan ninyo nang higit sa lahat ang pagharian kayo ng Diyos at mamuhay ng ayon sa kanyang kalooban, at ipagkakaloob niya ang lahat ng kailangan ninyo.*** **Mateo 6:33**

6. Pananaw: Naniniwala akong sinasabi ni Jesus:

- ☐ Magmalasakit na mahalin at paglingkuran ang Diyos ng buong puso.
- ☐ Unahin ko muna ang mga kagustuhan ko bago ang kagustuhan ng Diyos.
- ☐ Ang gantimpa ng Diyos, sa kanila na ang dakilang layunin ay paglingkuran siya, ay ibigay ang lahat ng kailangan nila.

7. Pananaw: Sa palagay mo, paano ibibigay ng Diyos ang pangangailangan mo?

- ☐ Hindi ko n kailangang mag-trabaho pa para mabuhay.
- ☐ Payayabungin ako ng Diyos sa aking trabaho.
- ☐ Gagabayan at pagpapalain ako ng Diyos habang ako'y nabububhay para sa kanya.

***<u>Ang Pagsubok at Ang Pangako ng Pag-iikapu.</u>*** Madaling sabihin na ang lahat ng mayroon tayo at lahat ng gagawin ay para sa Diyos. Ito'y maaaring tama o mali. Binigyan tayo ng pagsubok ng Diyos sa ating katapatan at ito'y, kasabay nito, ang dakilang pangako. Simula kay Abraham, ang lingkod ng Diyos ay nagbibigay sa kanya ng ikapu (10%) na kanilang kinita tanda ng kanilang pagiging tapat na katiwala at bilang pagtulong sa mga gawain ng Diyos sa lupa. Dito, gumawa ang Diyos ng dakilang pangako sa kanilang nagbibigay sa kanya ng buong ikapu.



***"Ibigay ninyo buung-buo ang inyong mga ikapu upang matugunan ang pangangailangan sa aking templo. Subukin ninyong gawin ito, kung hindi ko buksan ang mga durungawan ng langit at ibuhos sa inyo ang masaganang pagpapala."*** **Malakias 3:10**

8. Pananaw: Ano sa palagay mo ang kahulugan ng talatang ito sa buhay mo?

- ☐ 10% lamang ng aking kinikita ang para sa Diyos. Lahat ng kinikita ko ay sa Diyos, marahil mga 10% ang dapat na ibigay sa kanya bilang "pagkain sa kanyang templo." Gutom ang Diyos at dapat pakainin.
- ☐ Ang bahay ng Diyos ay ang simbahan, kung saan gustong "pakainin" ng Diyos ng mabuti ang lahat ng pumupunta.
- ☐ Ang gawain ng Diyos, upang matugunan ang lahat ng pumupunta, ay kailangang may pangastos.
- ☐ Ang nag-iikapu, maging mayaman o mahirap, ay nagbibigay ng parehong halaga sa paningin ng Panginoon.
- ☐ Ipinangako ng Diyos ang lahat ng uri ng pagpapala sa kanilang sumasampalatayang mag-ikapu.
- ☐ Ipinangako ng Panginoon na gawing milyonaryo ang lahat ng nag-iikapu.

Magtatapos tayo sa ating pag-aaral sa pamamagitan ng mga payo ni Pablo tungkol sa pagbibigay sa Diyos. Tandaan ninyo ito: ***ang naghahasik ng kakaunti ay mag-aani ng kakaunti; at ang naghahasik naman ng marami ay mag-aani ng marami. Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa sariling pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat ang ibig ng Diyos ay kusang pagkakaloob.*** **2 Corinto 9:6-7**

Ang ating pagbibigay, katulad ng ating pamumuhay, ay maaari nating gawing basihan ng ating pakiramdam kung gaano tayo tunay na nakikilala ng Diyos.

